Mangrove Matters PH
To restoring mangrove forests with you.

Praymer ng Donasyon

Inihanda ni: Leo Anthony C. Castro



Mangrove Matters Philippines

Ang Mangrove Matters Philippines (MMPH) ay isang organisasyong pangkalikasan na pinamumunuan ng kabataan na nagsusulong ng konserbasyon ng dagat, na nakatuon sa mga bakawan at mga nilalang na nakatira dito, pati na rin sa mga pamayanang baybayin na kabilang sa pinaka-bulnerable sa epekto ng krisis sa klima. Sa pamamagitan ng adbokasiya, agham at komunikasyon, pagtutulak ng polisiya, at mga nature-based solutions, nagsisikap kami na magpalaganap ng kaalaman at gumawa ng kongkretong hakbang para sa napapanatiling pamamahala ng mga likas-yamang ito na hindi matutumbasan.

Mission

Palaganapin ang konserbasyon ng mga bakawan sa Pilipinas; hikayatin ang kabataan sa pandaigdigan at lokal na kamalayan sa kapaligiran; at magbigay ng mga solusyong nakabatay sa kalikasan tulad ng mga inisyatibong pagtatanim ng bakawan at pamamahala ng mga punlaan upang maibalik ang mga kagubatang bakawan at labanan ang krisis sa klima.

Vision

Maging pangunahing organisasyong pinamumunuan ng kabataan sa Pilipinas na nakatuon sa konserbasyon ng bakawan sa pamamagitan ng komunikasyong pang-agham, pananaliksik, adbokasiya, at pakikipag-ugnayan sa komunidad, tungo sa isang napapanatili at matatag na hinaharap.

Bisitahin ang website ng Mangrove Matters Philippines para makilala pa kami:

Mangrove Matters Philippines

Ang MMPH ay isang mapagmalaking kasapi ng Global Mangrove Alliance (Philippines Chapter), isang grupo ng 9 na organisasyon na naglalayong ihinto ang pagkawala, doblehin ang proteksyon, at ibalik ang kalahati ng mga bakawan ng Pilipinas. Kabilang sa mga kasapi ng alyansa ang: Zoological Society of London, World Wildlife Fund, Conservation International, Wetlands International, Rare, Oceana, Oceanus Conservation, Forest Foundation Philippines, at MMPH.

Bakit mahalaga ang mga bakawan?

Ang kagubatan ng bakawan ay nagsisilbing natural na harang laban sa alon at storm surge. Ang malalawak nilang ugat ay sumisipsip ng enerhiya ng alon at nagpapababa ng pinsalang dulot ng matitinding panahon.

Nagbibigay sila ng direktang benepisyong pang-ekonomiya sa pamamagitan ng pangingisda, ekoturismo, at mga proyektong reforestasyon. Sinusuportahan nila ang kabuhayan ng milyun-milyong Pilipino sa mga baybaying pamayanan.





Nakakapag-imbak sila ng hanggang apat na beses na mas maraming carbon bawat ektarya kumpara sa mga kagubatang tropikal. Isa sila sa pinaka-epektibong natural carbon sinks laban sa global warming.

Ang kanilang masalimuot na ugat ay nagsisilbing breeding at nursery grounds ng isda, alimango, hipon, at iba pang lamang-dagat. Maraming komersyal na uri ng isda ang umaasa sa bakawan sa kanilang murang yugto ng buhay.



Pinapabagal ng bakawan ang hangin at nagbibigay ng silungan laban sa alat ng dagat at malalakas na hangin, na nagpoprotekta sa mga gusali at imprastruktura ng mga baybaying bayan.

Larawan ni LAC Castro
Tambobo Bay, Siit, Siaton

Kasaysayan ng Tambobo Bay

Partner ng MMPH sa Pag-Reporestasyon

Noong unang bahagi ng 1990s, halos nawasak ang dating masiglang kagubatan ng bakawan sa Barangay Siit, Tambobo Bay, dulot ng malawakang ilegal na pagputol para gawing panggatong ng mga residente. Lalo pang lumala ang kalagayan nang magkaroon ng oil spill accident sa lugar, na halos nagpawala sa isda, hipon, at alimango na siyang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga mangingisda.

Bilang tugon, inilunsad ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang isang community-based reforestation project noong 1994, katuwang ang mga lokal na mangingisda kabilang ang bagong tatag na Palinpinon-Palayuhan-Siit Multipurpose Cooperative (na ngayo'y kilala bilang Siit-Palinpinon Mangrove Conservation Walk Association o SIPAMACOWA).

Sa pamamagitan ng dedikasyon ng komunidad at suporta ng gobyerno, ang dating wasak na dalampasigan ay naging isang masiglang santuwaryo ng bakawan—patunay ng tibay ng loob ng komunidad at kapangyarihan ng pagpapanumbalik ng kalikasan.

Mula nang itatag ang MMPH noong 2020, naging pangunahing katuwang ng organisasyon ang SIPAMACOWA sa pagpapanumbalik ng bakawan. Binibili ng MMPH ang mga punla mula sa SIPAMACOWA at nagsasagawa ng mga pagtatanim sa iba't ibang aktibidad. Sa ganitong paraan, nakapagbibigay ng "green jobs" at matatag na kabuhayan para sa mga miyembro ng komunidad habang muling itinatayo ang mga kagubatang bakawan.

Kapag nag-donate ka sa MMPH, hindi ka lang tumutulong sa kalikasan kundi pati na rin sa ikabubuhay ng mga lokal na katuwang.



EVELYN R. BUCAD
Pangulo ng SIPAMACOWA

Isang matatag na lider at tagapagtanggol ng kalikasan, si Evelyn Bucad ang naging puso at kaluluwa ng women-led Siit-Palinpinon Mangrove Conservation Walk Association (SIPAMACOWA) sa loob ng apat na taon. Lumaki siya sa piling ng bakawan ng Tambobo Bay at inialay ang kanyang buhay sa kanilang pangangalaga.

Itinalaga siya ng kanilang Mayor upang pamahalaan ang Siit Mangrove Eco-Park, kung saan buong tapang niyang ipinagtatanggol ang mga bakawan, nagbabalik-sigla sa mga nawasak na lugar, at nakikipagtulungan sa iba't ibang organisasyong lokal at pandaigdigan.

Tungkol sa Siit Mangrove Eco-Park

Matatagpuan sa Tambobo Bay, Negros Island, ang Eco-Park ay isang natatanging lugar na may 28 sa 32 uri ng bakawan sa Pilipinas. Isa itong kritikal na santuwaryo para sa yamang-dagat at nagsisilbing buhay na laboratoryo ng iba't ibang halaman. Mayroon din itong punlaan ng bakawan na mahalaga sa pagpaparami ng mga punla.

Ang 500 metrong bamboo boardwalk na itinayo kasama ang Marine Conservation Philippines ay nagbibigay ng kakaibang karanasan sa mga bisita habang dinaraanan ang mga uri ng bakawan tulad ng Sonneratia, Avicennia, Aegiceras, Rhizophora, at ang napakabihirang Camptostemon.
Bukod sa atraksyon sa turismo, nagsisilbi itong mahalagang plataporma sa edukasyon tungkol sa papel ng mga bakawan sa pagharap sa pagbabago ng klima, proteksyon ng baybayin, at pagpapanatili ng yamang-dagat.

Donasyon

Bilang isang purong boluntaryong organisasyon, lubos na umaasa ang MMPH sa mga grant, pakikipag-partner, donasyon, at fundraising upang maipagpatuloy ang aming misyong pangkalikasan.

May malinaw na modelo kami ng pondo kasama ang SIPAMACOWA:

- Bawat ₱50 sponsorship ng isang punla ng bakawan → ₱20 diretso sa SIPAMACOWA para sa produksyon at pagtatanim ng punla,
- Ang ₱30 naman ay para sa operasyon ng MMPH (gastos sa biyahe, website, domain fee, atbp.).

Ibig sabihin, bawat donasyon ay katumbas ng isang punlang bakawan na itatanim sa iyong pangalan o organisasyon.

Bilang pagkilala, magbibigay kami ng personalized Certificate of Planting at ipo-post ang iyong ambag sa aming social media upang maipagdiwang at madokumento ang iyong epekto.

Sa ganitong paraan, 100% ng donasyon mo ay nagiging konkretong benepisyo para sa kalikasan at komunidad, na may buong transparency kung paano ito nagagamit.

Sample ng 'Certificate of Planting'

Mangrove Matters PH

To restoring mangrove forests with you.

Certificate of Planting

This certifies that

Organization Name

has planted

100 mangrove (*Avicennia* sp. & *Sonneratia* sp.) seedlings

Mangroves protect coasts, nurture marine life, support sustainable fisheries, and store up to five times more carbon than other tropical forests for climate change mitigation. Their mangrove seedlings will be planted in Siaton, Negros Oriental, Central Visayas, Philippines, where they will grow to become part of a thriving forest that supports rich biodiversity, from small crustaceans to endangered bird species, creating a complete and interconnected ecosystem that benefits both nature and people.

This initiative is made possible through the dedicated efforts of Mangrove Matters PH in partnership with the Siit Palinpinon Mangrove Conservation Walk Association, a women-led community organization committed to protecting and restoring these crucial coastal forests for all living things.

MARCH 2025

Matthew Vincent Tabilog
FOUNDER & ADVISER
Mangrove Matters PH

Leo Anthony Castro
EXECUTIVE DIRECTOR
Mangrove Matters PH

Evelyn Bucad
PRESIDENT
Siit-Palinpinon Mangrove Conservation Walk Assn.

Sample ng 'Recognition Post'

Contact para sa Donasyon

+639988587570 | +639771367570

instagram.com/leoxolotl

facebook.com/anthony.caro1107

leoanthony.caro.castro@gmail.com

LEO ANTHONY C. CASTRO
Project Lead Coordinator

Isang masigasig na tagapagtanggol ng kalikasan, natamo ni Leo ang kanyang B.S. sa Marine Biology mula sa Institute of Environmental and Marine Sciences ng Silliman University, kung saan nakapagsulat siya ng isang indibidwal na tesis tungkol sa ichthyoplankton at marine protected areas. Bilang isang lisensyadong SDI scuba diver at freediver, isinasalin niya ang kanyang malasakit sa kalikasan sa kongkretong pagkilos sa pamamagitan ng aktibong pagtanggal ng basura sa dagat. Noong 2023, nagsilbi siyang delegado sa Local Conference of Youth (COY) PH—ang pambansang katapat ng pandaigdigang COY ng UNFCCC sa pamamagitan ng YOUNGO—bilang kinatawan ng mga pamayanang baybayin. Noong 2024, pinamunuan niya ang isang matagumpay na kampanya sa social media na tumulong sa pagpasa ng 11 bagong protected areas sa Senado ng Pilipinas. Kasalukuyan din siyang Communications Lead ng Global Mangrove Alliance (Philippines Chapter) at pinangungunahan ang sektor ng kabataan sa pagsusulong ng National Coastal Greenbelt Bill sa pamamagitan ng kanyang inisyatiba na "Youth for Mangroves", na nag-uugnay sa mga kabataang tagapagtanggol ng bakawan mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Bilang Executive Director ng Mangrove Matters PH, ginagamit niya ang kanyang kaalaman sa konserbasyon ng bakawan sa pamamagitan ng estratehikong pamumuno, pagpapatupad ng iba't ibang programa, kaganapan, at kampanya para sa proteksyon at pagpapanumbalik ng mga bakawan ng Pilipinas. Siya rin ay isang tagapagsulong ng kapakanan ng hayop at napapanatiling pamumuhay.